

NAKAPAGLILIGTAS NG BUHAY ANG PAGTUTULUNGAN

Posted on 12.10.2023 by Adam Parnell



Category: [General Maritime](#)

Edition MFB 72

Editorial

Kamakailan ay nakatanggap ang CHIRP ng mga ulat mula sa buong maritime sector, at isinalarawan namin ito sa iba't ibang insidente na nailathala sa edisyong ito. Bagama't ang bawat insidente ay kakaiba, ang lahat ay sumasang-ayon na ang proactive approach sa kaligtasan, pagsunod sa mga alituntunin, epektibong komunikasyon at patuloy na pagsasanay ay mahalaga upang maiwasan ang ganitong mga insidente.

Nagpasimula kami sa isang posibleng mapanganib na sitwasyon na naiwasan dahil sa agarang pagtugon ng mga mapagbantay at alertong crew. Ang insidenteng ito ay nakalikha din ng katanungan patungkol sa kasapatan ng mga berth assessment, at nagbibigay-diin sa kahalagahan ng pagkakaroon ng wastong mooring system design at maintenance nito.

Kinontak ng isang shore-based contractor ang CHIRP na madalas ay sumasali sa mahahabang sea trials. Sa pag-aalala sa fatigue na maaaring idulot ng insidenteng pangkaligtasan, humingi sila sa ng interbensyon ng CHIRP upang maresolba ang sitwasyon.

Ang lithium-ion batteries (LIBs) na mga sunog sa containers ay makakapagdulot ng seryosong panganib. Iniulat namin ang isang insidente na nagpapatibay sa pangangailangan na magkaroon

ng wastong cargo declaration, maayos na packaging, at pagsunod sa mga alituntunin sa ligtas na pagdadala ng mga dangerous goods.

Sa pangkalahatan, ang hindi tamang stowage practices ay maaaring magdulot ng pagkapinsala ng kargo at mga panganib, at tatalakayanin natin kung bakit ang pagsunod sa *International Maritime Dangerous Goods Code* at ang *Code of Safe Practice for Cargo Stowage and Securing* ay mahalaga upang maiwasan ang mga aksidente at maprotektahan ang mga crew, barko at ang kapaligiran.

Sumailalim sa pagsisiyasat ang sub-aqua diving safety makaraan ang isang insidente sa isang diver na nagkaroon ng malubhang pinsala dahil sa isang propeller. Ipinaliwanag namin kung bakit ang paggamit ng Surface Marker Buoys (SMBs) at shot lines ay nirerekomenda upang mapabuti ang visibility at koordinasyon habang nagsasagawa ng diving operations.

Ang tugon ng barko sa engine failure ay nagbibigay-diin sa pangangailangan na magkaroon ng napapanahong assessment at pamilyaridad sa mga emergency controls. Ang epektibong kolaborasyon sa pagitan ng bridge at engine teams ay mahalaga at ang kahalagahan ng pagkakaroon ng experienced decision-making sa panahon ng sakuna ay binigyang-diin.

Panghuli, ang masuwerteng pagligtas sa mangingisdang nahulog sa bangka ay nagpapakita ng ilang magagandang safety lessons, kabilang na ang importansya ng pagsusuot ng flotation devices at personal locator beacons (PLBs), pagdadala ng paraan ng komunikasyon, at pagpapatupad ng self-rescue measures gaya ng hagdanan.

Tandaan – ang inyong feedback sa aming FEEDBACK ay mahalaga! At ipagpatuloy pa ninyo ang pagpapadala ng inyong mga ulat. Ang pagbabahagi ng inyong mga karanasan sa amin ng direkta at makakatulong upang mapabuti pa ang maritime safety para sa iba na may natututuhan naman sa inyong mga insidente.

Ligtas na maglayag,

CHIRP Maritime Team



